



California Pan-Ethnic Health Network



## **Kung Paano Makakatulong Ang Repormang Pang-Kalusugan Sayo At Sa Mga Pamilyang Asia at Pacific Islander Sa California**

Ang mga pamilyang Asia at Pacific Islander ay matutulungan ng bagong batas pang-kalusugan. Ito ay totoo kahit ikaw ay walang insurans, may Medi-Cal o Medicare, o may pribadong insurans.

Kung ikaw ay walang insurans pang-kalusugan o hindi ito sapat sa inyong pangangailangan, meron tulong na darating. Kung ikaw ay isang senior, ikaw ay makakakuha ng benepisyo sa Medicare rebates para sa medisina at libreng serbisyo na tutulong na hindi ka magkasakit ('preventive care'). Kung ikaw ay merong insurans pang-kalusugan, maari kang manatili sa inyong kasalukuyang doktor at magkakaroon ka ng katahimikan ng isip dahil ang mga kompanyang pang-insurans ay hindi maaring tanggalin o i-limit ang inyong coverage kung sakaling ikaw ay magkasakit at nangangailan nito. Kahit ikaw ay may insurans o wala, ang bagong batas pang-kalusugan ay sumusuporta sa makalusugang pamumuhay sa halip ng mga programa sa trabaho at mga grants o pera para sa komunidad upang dagdagan ang pagkamit ng pangkalusugang pagkain at pisikal na mga aktibidades.

- **Kung kailangan mo ng insurans – Mas maraming options para sa affordable coverage**
- **Kung ikaw ay may Medi-Cal o Medicare – Dagdag na paraan makakuha nito at masmakabuluhang mga serbisyo**
- **Kung ikaw ay may pribadong insurans – Katahimikan ng isip at affordable coverage**

### **Kung Kailangan Mo Ng Insurans – Mas Maraming Options Para Sa Affordable Coverage**

Sa pagbibigay ng masmaraming options para sa affordable coverage, ang bagong batas pang-kalusugan ay makakatulong sa 60% ng mga Asia at Pacific Islanders na sa kasalukuyan ay walang insurans, na makakuha ng insurans. **Ang mga legal na immigrants ay kwalipikado para sa lahat ng mga nakatakda sa ibaba.**

- **Para Sa Mga Young Adults – Maari Kang Manatili Sa Plano Ng Inyong Pamilya Hanggang Sa Idad Na 26:** Umpisa ngayon, ang mga young adults ay maaring manatili sa plano ng kanilang mga magulang hanggang sila ay 26. Ito ay makakatulong sa isa sa apat na Asia at Pacific Islander na mga kabataan na walang insurans nung 2007.
- **Medi-Cal Ay Ipinalawak Upang Matulungan Ka At Inyong Pamilya:** Umpisa sa 2014, kung ikaw ay kumikita ng masbababa sa \$14,431 bilang indibidwal na walang asawa, o \$29,367 para sa isang pamilya na apat, ikaw ay kwalipikado para sa Medi-Cal. Itong pangpapalawak ay magbibigay ng coverage sa mas higit sa 140,000 na Asia at Pacific Islander sa California. Ang pag-aaruga at serbisyo habang buntis o



“prenatal care” at emergency Medi-Cal ay mananatili parin para sa lahat ng low-income na mga tao kahit ano pa man ang kanilang estado pang-immigration.

- **Ang Health Insurance Exchange Ay Magbibigay Sayo Ng Affordable Na Pribadong Coverage:** Umpisa din sa 2014, kung ikaw ay kumikita ng mas mababa sa \$43,400 bilang indibidwal na walang asawa o \$88,200 para sa isang pamilya na apat, ikaw ay maaaring bumili ng affordable coverage mula sa Insurance Exchange. Ang inyong premium o dapat bayaran ay hindi hihigit sa 10% ng inyong kinikita – ang gobyerno ang magbabayad ng kakulangan. *Ang isang citizen o mamamayan, o mga anak ng mga undocumented (walang papeles) na mga magulang, na nandito sa Amerika sang-ayon sa batas, ay maaaring kumuha ng coverage sa exchange. Ang mga immigrants na undocumented o walang papeles ay hindi makakabili ng insurans mula sa exchange at sila ay hindi kasali sa bilang na kinakailangang merong insurans.*
- **Ang Inyong Amo Sa Small Business Ay Tutulong Upang I-Cover Ka:** 500,000 na small businesses sa California ay maaaring makakuha ng tax credits upang matulungan makabigay ng coverage para sa kanilang mga empleado.

### **Kung ikaw ay may Medi-Cal o Medicare – Dagdag na paraan na makakuha nito at masmakabuluhang mga serbisyo**

- **Tulong para sa mga Seniors na may Medicare:** Ang batas ay isasara ang Medicare “donut hole,” at makakatulong sa daan-daan at libo-libong mga Asia at Pacific Islanders sa pagbabayad para sa kanilang medisina o prescription drugs, umpisa sa 2011. Ito rin ay magbibigay ng libreng preventive services.
- **Mas maraming mga Doktor at mga Spesyalista na lilingkod sayo:** Bayad sa mga doktor ay madadagdagan sa bagong batas. Ang ibig sabihin nito ay mas maraming mga doktor at mga spesyalista na lilingkod sayo.
- **Mas maigsi paghihintay para sa mga serbisyo:** Dahil mas maraming mga doktor at mga spesyalista, mas maigsi ang paghihintay para sa mga serbisyo.
- **Pagsusuporta sa ating Safety Net:** Ang batas ay magdadala ng halos \$1.4 billion dollars pang suporta sa mga centro ng kalusugan sa komunidad o community health centers sa California, na lumilingkod at tumutulong sa daan-daan at libo-libong mga Asia at Pacific Islanders.

### **Kung ikaw ay may pribadong insurans – Katahimikan ng isip at affordable coverage**

Para sa 2.7 million na Asia at Pacific Islanders sa California na may pribadong insurans, ang inyong insurans pang-kalusugan ay magiging mas secure, affordable, at tutulong manatili kang malusog.

- **Walang Lifetime Caps sa Pagaaruga o “Care”:** Umpisa ngayong fall, ang bagong batas ay ipinagbabawal ang mag kompanya ng insurans (insurers) na i-limit ang kanilang ibabayad para sa pagaaruga o “care.” Walang kailangan magalala na mawawala ang kanilang bahay o magiging bankrupt kung sila o kanilang mga minamahal ay magkasakit.
- **Nagbibigay ng Katahimikan ng Isip:** Ang mga health insurers ay hindi maaring i-deny ang coverage para sa pre-existing conditions o tanggalin ito kung ikaw ay magkasakit. Sakop dito ang mga bata umpisa ngayong fall, at sa mga adults sa 2014.

- **Itinataguyod and Prevention Muna:** Lahat ng mga bagong pribadong mga plano pang-insurans ay kailangan isakop ang preventive na mga serbisyo – katulad ng screenings at mga tests – libre ito, umpisa ngayong fall.

**Kung Ikaw Ay Isang Immigrant: May Mga Benepisyo Para Sayo**

Lahat ng benepisyo ng reporma pang-kalusugan ay makamamit ng lawful immigrants at lahat ay maaaring gumamit ng ipinalawak na mg centro ng kalusugan sa komunidad o community health centers.

- **Ang mga Lawful Immigrants Ay Mananatili Sa Medi-Cal:** Ang mga lawful immigrants ay kwalipikado parin para sa Medi-Cal na walang kinakailangang paghihintay.
- **Ang mga Lawful Immigrants ay Kwalipikado para sa Tulong sa Exchange:** Ang mga Lawful immigrants ay kwalipikado para sa tax credits at mga subsidies upang makabili ng insurans sa exchange na walang kinakailangang paghihintay.
- **Ang Insurance Exchange ay Sarado sa mga Undocumented Immigrants o sa mga Taong Walang Papeles:** Ang mga undocumented immigrants o mga taong walang papeles ay hindi maaring bumili ng insurans mula sa exchange at sila ay hindi kasali sa mga kinakailangan merong health insurans.